

Poetika ng Pagbubura Bílang Pagbubuo /

Poetics of Erasure as Creation

Mesándel Virtusio Arguelles

De La Salle University, Manila, Philippines

mesandel.arguelles@dlsu.edu.ph

Abstrak: Ang “Poetika ng Pagbubura bílang Pagbubuo” ay pahayag ng poetika ng may-akda kaugnay ng kaniyang mga akda ng pagbubura, sa partikular ang *Pesoa* (Balangay Productions, 2014). Inilulugar sa sanaysay ang konseptuwal na pagsulat na kinabibiláhan ng pagbubura (apropiyasyon) at ang konsepto ng bago sa pagitan ng modernismo at postmodernismo sa kontemporaneong panulaan bago tinatalakay ang mga proseso at prinsipyong kalakip ng sariling mga praktika ng malikhain at di-malikhain pagsulat ng may-akda.

Mga Susing Salita: pagbubura, modernismo, postmodernismo, konseptuwal na pagsulat, apropiyasyon, di-malikhain pagsulat, konsepto ng bago, kontemporaneong panulaan

Abstract: “Poetics of Erasure as Creation” expresses the poetics of the author concerning his erasure works, in particular *Pesoa* (Balangay Productions, 2014). The essay situates conceptual writing to which erasure method (appropriation) belongs and the concept of the new in between modernism and postmodernism in contemporary poetry and subsequently explores the processes and principles involved in the author’s own creative and uncreative writing practices.

Keywords: erasure, modernism, postmodernism, conceptual writing, uncreative writing, concept of the new, contemporary poetry

PANIMULA

Noong 2014, inilathala ng Balangay Productions ang aking aklat na *Pesoa*, na pagbubura o *erasure* ng aklat na *Personal: Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita* (Anvil, 1999) ni Rene O. Villanueva. Ito ang ikaapat kong aklat ng pagbubura. Ano ba itong pagbubura? Ang pagbubura ay ang paglikha o pagbuo ng bagong teksto sa pamamagitan ng pagbura o pagtanggap o pagtapal ng mga bahagi ng isang dati nang teksto o pinagmulang teksto. Isa itong paraan ng apropiyasyon—isang komposisyonal na praktika na ginagawa na noon pa mang dekada 60 sa sining biswal at musika at inampon din at mas nabigyang pansin nitong mga nakaraang taon partikular sa Amerika sa konseptuwal na pagsulat o “di-malikhaing pagsulat” na taguri ni Kenneth Goldsmith, isang Amerikanong konseptuwal na manunulat. Ngunit bago ko ipagpatuloy ang pagtalakay sa poetika ng pagbubura bílang pagbubuo, mahalagang mailugar muna, sa palagay ko, ang konseptuwal na pagsulat (na kinabibilangan ng pagbubura) sa modernismo at postmodernismo sa kontemporaneong panulaan.

Hindi madaling itakda ang pinakamuhon sa pagitan, kung mayroon nga itong pagitan, ng modernista at postmodernistang pagtula sa Pilipinas. Ang mga kategoryang moderno at postmoderno, kasama ang mga limitasyon ng mga ito, kabilang ang temporal na limitasyon, sa pinakamahusay, ay pagpapanahon lámang sa ating kasaysayang pampanulaan. Ngunit kahit nga itong pagpapanahon ay hindi rin ganoon kasimple. Maitatanong, kailan nga ba nagsimula ang modernistang pagtula? Kailan ito nagtapos at ang pagtatapos ba nito, kung nagtapos nga, ay hudyat ng simula ng postmodernistang pagtula? May mga kritikong nagsasabing nagsimula ang modernismo sa panulaan noong mga dakong 1890 sa Europa at Amerika. Mayroon ding nagsasabing nagsimula ito noong 1900. Mayroong nagsasabing una pa sa 1900, gaya ng awtor na si Robert Rowland Smith, sa kaniyang librong *On Modern Poetry: From Theory to Total Criticism* (2012). Aniya:

Common practice will often use ‘modern’ to mean 1900 onwards, but I extend it back almost another hundred years to Keats, on the

grounds that his poetry is about as far back as today’s reader can go without starting to encounter diction that is challenging simply on account of its age. Even Keats, of course, can be difficult on these grounds. One tends to think of modernism as a decisive break with everything before it, but plenty of twentieth-century poetry continued to draw its inspiration from Tennyson or Hardy, say (xiii).

Samakatwid, para kay Smith, nananatiling arbitraryo ang pagpepetsa sa pagitan ng modernismo at postmodernismo.

Sa pagpasok ng ika-21 siglo, lalo namang magiging “malabo” ang “hangganang” ito ng dalawang makabagong pagkilos sa panulaan. Para kay Marjorie Perloff, kritikong Amerikano na kilalá sa pagsubaybay at pagkiling sa kilusang avant-garde sa panulaan, “pagod na ang dikotomiyang sumaklaw sa talakayan ng poetika sa ika-20 siglo sa loob ng mahabang panahon (1)” —ito nga ang hatiang modernismo at postmodernismo. Iminumungkahi niya sa kaniyang aklat na *21st-Century Modernism: The “New” Poetics* (2002) na hindi na mahalaga ang hatian sa pagitan ng modernismo at postmodernismo at sa gayo’y itutuwid ang kaniyang mga naunang pagpapalagay hinggil sa kaibahan, at kung gayo’y hangganan, ng una sa huli.

Sapagkat kahit nga ang postmodernistang pagtula, sa isang bandá, ay pagbalikwas sa mga katangian at tunguhin ng modernismo, sa kabiláng bandá naman, ay iginigiit din nito ang pagpapatuloy ng mga birtud at pakana nito. Kayâ naman, reebalwasyon ng modernistang pagtula (na kinakatawan ng mga makatang Eliot, Stein, at Khlebnikov) ang pangunahing direksiyon ng nabanggit na libro ni Perloff. Reebalwasyon upang sabihing ang tinutukoy niyang “bago” sa “Ang Bagong Poetika” ay maaaring mabakas sa mga unang tula ni Eliot. Para kay Perloff, sa unang kabanata ng libro na may pamagat na “Avant-Garde Eliot,” nagkamali umano siya sa pagbása kay Eliot. Aniya:

In The Poetics of Indeterminacy (1981), I drew a sharp distinction between Eliot's symbolist mode and the more 'literalist' indeterminacy of John Ashbery. Twenty years

later, in the context of recent poetic developments, I would qualify my earlier reading by noting that the comparison was to the later Eliot, not to the poet, then largely unknown, made familiar by Christopher Ricks's superb edition of the hitherto unpublished poems written between 1909 and 1917 (7-8).

Ang punto ni Perloff dito ay upang sabihin na kung noong una ay pinalilitaw niya ang malaking pagkakaiba nina Eliot, na pangunahing modernista, at Ashbery, na isa namang postmodernista upang palitawin nga ang kaibahan at kung gayo'y hatian o hangganan ng modernistang pagtula at postmodernistang pagtula—ngayon ay hindi na ito ang kaso. Mariin niyang itutuwid na ang tinutukoy niyang mga akda ni Eliot noon—sa paghahambing ng mga ito sa mga akda ni Ashbery—ay ang kaniyang (Eliot) mga huling akda. Sa mga unang tula ni Eliot, kung gayo'y nabanaag niya ang hibo ng avant-garde (kayâ naman gayon nga ang pamagat ng kabanata) kahit pa nga noo'y gumagamit pa ang makata ng rhymed stanzas. Ang “*mood*” ng tula ni Eliot, paliwanag ni Perloff, umano ay tiyakang nakaimpluwensiya sa tula ni Ashbery.

Dagdag pa rito, hindi lámang umano mga akda ni Ashbery ang maaaring mabakas sa avant-garde Eliot ng mga taong 1910–11 kundi kahit ang mga akda ng mga mas batang makata, sa partikular, ng tinaguriang Language movement sa Amerika. Bílang pruwera sa kaniyang hinuha, sumipi si Perloff ng ilang pahayag hinggil sa poetika ng mga makatang postmodernista tulad nina Charles Bernstein, Rosmarie Waldrop, Lyn Hejinian, at Michael Davidson. Sa mga sinipi niyang pahayag, sinabi ni Perloff na ang pangunahing konsepto sa mga ito na niyayakap ng mga makatang pinagkunan ng mga sipi, ay ang konstruktibismo.

Ang konstruktibismo ay ang pag-unawa sa pagtula bílang paglikha—*poeisis*—sa klasikong Griyegong kahulugan nito, na may matalik na pagkaunawa sa wika hindi bílang sisidlan ng kaisipan at damdamin

kundi lunan o sityo mismo ng pagbubuo ng kahulugan. Ayon kay Perloff, madaling matutukoy na ang mga sinipi niyang pahayag mula sa mga makatang Language ay dinukal mula sa mga kritisismo ni Eliot tulad ng “Tradition and Individual Talent” at “The Metaphysical Poets.” Aniya:

...[T]here is nothing Eliot says here that is at odds with the statements cited... by Bernstein and Davidson, Waldrop and Hejinian. For them, as for Eliot, art is inherently a form of *transformation*, which means that, in his words, *the difference between art and the event is always absolute* (10).

Sa ganito, para kay Perloff, ang tinukoy na “*opening of the field*” ng mga makatang postmodernista bílang reaksiyon sa “*closed text*” ng mga modernista, sa pananaw mulang ika-21 siglo, ay isa lámang restorasyon kaysa rebolusyon: “...*a carrying on, in somewhat diluted form, of the avant-garde project that had been at the very heart of early modernism*” (2). Kayâ nga mahihiwatigan kung bakit tinawag niya ang “bagong” poetikang ito bílang ika-21 siglong modernismo, isang “*second wave modernism*,” sa halip na postmodernismo o postpostmodernismo.

Pagtanaw sa Modernismo sa Pilipinas

Sa Pilipinas, isa mga pangunahing makata-kritiko na naglaan ng panahon sa pag-aaral sa modernismo (tatalakayin ko pa ito sa hiwalay na seksiyon) ay si Virgilio S. Almario. Mahalagang ambag ang kaniyang aklat na *Balagtasismo Versus Modernismo* (1984), gayundin ang mga antolohiya ng modernistang tula na kaniyang tinipon at pinamatnugutan: *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino* (1981) at *Sansiglong Mahigit ng Makabagong Tula sa Filipinas: Mga Piling Tula sa Bikol, Binisaya, Espanyol, Iluko, Ingles, Filipino, at Kapampangan Mulang 1900 hanggang Kasalukuyan* (2006). Sa pagbása kay Almario, mapapansing para sa kaniya ay hindi pa nagtatapos ang modernismo sa Pilipinas. Aniya sa pagtatapos ng introduksiyon niya sa *Sansiglong Mahigit ng Makabagong Tula sa Filipinas*: “Kaya itinuturing ko man na *nagpapatuloy* ang Modernismo hanggang sa

kasalukuyan... ang Modernismo nitong nakaraang dalawang dekada ay *ibang-iba* sa Modernismong sinimulan nina Villa at Abadilla (akin ang mga italiko)."

Bagama't aniya ay ibang-iba ang tinutukoy niyang modernismo sa nakaraang dalawang dekada, mapapansing ayaw niya itong tawaging postmoderno, kahit maaaring iba nga ang kaniyang simulain sa simulain ni Perloff, na mahahalata sa kaniyang pasaring sa mga kontemporaneong makata na aniya'y "mga loro ng Kano" na itinuturing ang kanilang mga sarili bilang "postmodern" at hindi niya umano pinagtatakhon dahil "talaga namang wala/nawawala sila sa pangunahing daloy ng pambansang kasaysayan."

Narito ang interes ko sa itinuturing niyang "ibang-iba" sa modernismo sa pagtulang Filipino nitong nakaraang dalawang dekada (ang bungad ng ika-21 siglo). "Ibang-iba" na maaaring ipakahulugang "bago." Maaalala si Bienvenido Lumbera, pambansang alagad ng sining sa panitikan, sa kaniyang diskurso tungkol sa "bago," sa aklat na *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa* (2000). Aniya, "isinasaad ng termino[ng bago]... ang "kaibhan" ng akda batay sa panahon at katangian." Gayon din, dagdag niya:

Ang 'bago' ay ang umiba sa luma, at sa pag-ibang iyon ay nakapagdudulot ng kaalaman at kabatiran na hindi pa natin alam at batid... Umuusad sa pagsulong na yugto ang panitikan bunga ng pagsisikap ng mga manlilikha na ihanap ng apirmasyon ang kanilang pagkamalikhain sa pamamagitan ng mga akdang "umiiba" sa nangauna.

Nosyon ng Bago/Konsepto ng Kontemporaneo

Interesado ako sa "bago" o nosyon/ideya ng bago, o sa kontemporaneo, kaysa mga kategoryang modernismo at postmodernismo na kung tutuusin ay pareho nang nawalan ng enerhiya. Namatay na ang modernismo sa Kanluran noon pang bandáng 1960 at tila nawalan ng momentum ang postmodernismo, ayon kay Perloff, sa pagpasok ng bagong milenyo. Sa Pilipinas, napakalayo na nga natin sa panahong 1900 o sa bungad ng ika-20 siglo, sa mga makatang gaya

nina Eliot at Pound at maging sa mga makata nating sina Villa at Abadilla, ang mga "ama" ng modernismo sa panulaang Filipino; si Villa sa Ingles at si Abadilla sa Filipino.

Mas may puwang, sa pakiramdam ko, ang konsepto ng kontemporaneo, para sa mga kabaguhang ginagawa ngayon ng ating mga makata, kabilang ang konseptuwal na pagsulat, at sa mga posibilidad pa ng maaaring gawin sa hinaharap. Mga kabaguhan (mga katangiang maaaring mas madali ring matutukoy) na maaaring hindi nga tawaging postmodernista o lalo pa, postpostmodernista, ngunit nagbibigay ng sariwang datíng, ng kakaibang rehistro, ng bagong bisa at bisyon. Para kay Allan Popa, isa sa mga nangungunang makata sa kasalukuyan, ang sityo ng kontemporaneo ay ang "ngayon-dito ng tula, [ang] pinakamaliit na espasyo ng paglipas ng panahon, ang sandali ng pagdatal ng kahulugan na mabilis ding mawala... ang [pagpapadama] ng diin ng ngayon sa dito ng páhiná ng tula, ang tagpuan ng salita, katahimikan, at mundo upang mabigyang anyo ang danas ng pagiging-nása-mundo."

Gayunman, masasabing naghahalo rin ang mga konsepto ng kontemporaneo, postmodernismo, at modernismo sa sining at panitikan. Tila bang pag sinabing kontemporaneo ay lagi nang kaugnay o iniuugnay kapwa sa moderno at postmoderno. Paano nga kasi'y sa pagpapanahon sa kasaysayang pampanitikan, karaniwang sinasabi na lahat ng akdang nasulat pagkaraan ng mga taong 1940 ay tinatawag na kontemporaneo. Lámang, pagsapit ng ika-21 siglo, para sa maraming kritiko at manunulat, tila kakatwa nang tawaging kontemporaneo ang mga akdang nasulat noon pang dakong 1940, dahil nga sa layo na ng panahong iyon, kayâ ipinalagay na mas mainam na tawaging postmoderno o postmodernista ang mga ito.

Tungkol naman sa moderno, ganito ang palagay ng kritiko't kuwentistang si Rolando Tolentino:

Kapag sinabing moderno, tila inihahayag din ang konsepto ng bago at makabago gayong relatibo naman ang konsepto ng bago at moderno, batay sa isinasaad na panahon. Moderno ito sa partikular na panahon, pero hindi sa iba; hindi na ito moderno dahil ang

moderno ay naging bahagi na o naetsa- pwera na ng tradisyon. Maaaring isipin na ang moderno ay additive lamang—tulad ng patak sa stalactite at stalagmite sa kweba—sa base ng tradisyon. Sa isang banda, ang moderno ay mga experimentasyon sa tradisyon—bagong paraan ng pagbalikwas o paglalahad ng tradisyon kahit pa hindi na rito nakikita o nahihinuha ang tradisyon. Ang tradisyon ang base ng moderno dahil walang bago na bigla na lamang sumusulpot sa ere, na “magical like a seagull.” Walang bagong-bago, mayroon lamang bariasyon nito—lumang bago o bagong luma. Sa sandali ng pagsilang ng bago ay markado na rin ang sandali ng pagyao nito. Inaanunsyo ng moderno ang sarili nitong kamatayan at ang muling pagsilang sa sinapupunan ng tradisyon (167).

“Walang bagong-bago, mayroon lámang bariasyon nito—lumang bago o bagong luma.” Kayâ karaniwan, ang terminong bago ay ipinapaloob sa mga panipi. Gaya nga sa *The “New” Poetics* ni Perloff at sa paliwanag ni Ashton: “*In putting scare quotes around “new,” she means to suggest that the poetics in question, far from being new, can be traced at least as far back as the earliest works of Eliot*” (2). Sa madaling sabi, bagong luma rin—kayâ nga “second wave modernism” ang kaniyang 21st-century modernism.

Kung postmoderno naman ang pag-uusapan, ayon pa rin kay Tolentino, ang ibig sabihin lámang nito’y wala na raw moderno rito “dahil puro sa luma na ang pinaghalawan ng karanasan, na ang tanging bago ay ang relasyonal na pagsasaayos ng luma” (169). Ito naman sa wari ang lumang bago. “Kaya,” diin ni Tolentino, “marami pa ring posibilidad sa moderno sa edad na tila

wala nang gaanong makikinitang bago o tulad sa hitsura ng artista, iisa lámang ang hulmahan ng mga sumusulpot na bago” (169).

Ang punto pa rin, ano’t anuman, mahirap talagang palutangin ang pagkakaiba ng kontemporaneo, moderno, at postmoderno kaugnay ng nosyon o konsepto ng bago. Kayâ rin laging may alinlangan

sa pagtataguri ng bago. Wika nga ni Allan Popa sa introduksiyon ng antolohiyang *Latay sa Isipan: Mga Bagong Tulang Filipino* (2007), na tinipon at inedit niya kasama ang makata at Pambansang Alagad ng Sining na si Cirilo F. Bautista, “[h]indi sinasadya ang maging bago” (xiv). Sapagkat, dagdag niya:

Lagi’t lagi ang pagtula ay paghahanap ng pinakamabisang paraan upang maihayag ang dapat marinig sa isang panahon gamit ang wikang kapwa katunggali at katalastasan ng wikang kasalukuyan. Ang mga anyong ito ay mga bakas lamang ng isipang nananatiling mulat at mapagbantay, katulad ng mga makatang nagdaan (xiv).

Mapapansing tila susog ang pahayag ni Popa sa naunang sinabi ni Lumbera sa *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*:

Ang paglitaw ng bago sa panitikan ay hindi natural gaya ng ipinahihiwatig ng talinghaga ng pagsibol ng halaman na madalas gamitin ng mga romantikong komentarista upang tukuyin ang pag-unlad ng panitikan. Ang anumang pagsalungat sa kinaugalian, ang anumang paghiwalay sa landas na kinahiratihan, ang anumang pagtatakwil sa luma, ay ginagamitan ng dahas ng umiibang manlilikha at tinutugon naman ng dahas ng lipunang takot sa pagbabago.

Ang bago kung gayon ay palagiang tugon at pagbalikwas sa luma at tradisyon, gaya ng ipinamamalay ng pagsasakasaysayan ni Virgilio S. Almario sa naging daloy ng modernismo sa Pilipinas.

Modernismo ayon kay Almario via *Balagtasismo Versus Modernismo*

Gaya ng nabanggit na, mahalaga ang ambag ni Almario sa kasaysayan at tradisyon ng modernismo sa panulaang Filipino. Masaklaw ang kaniyang salaysay at kritisismo tungkol dito. Sentral sa kaniyang mga pag-aaral sa modernismo ang aklat na *Balagtasismo Versus Modernismo*.

Mahihiwatigan agad sa pamagat na ang *Balagtasismo Versus Modernismo* ay kumakatawan sa dalawang puwersang pinagbubukalan ng pagtula at pagsulong nito sa Pilipinas kasabay ng samot-saring nagtutunggaliang puwersa sa lipunan at kasaysayan. Dalawang panig ang pinagtatabi at pinaghahambing ni Almario—ang Balagtasismo at Modernismo—sa kaniyang panukala noon ng “bagong sistema ng pagpasok at pagsusuri sa panitikan” ng bansa. Dahil sa salitang *versus* sa pamagat, litaw ang hangaring pagbanggain ang dalawang puwersang ito, gayundin ang masasabing kiling ni Almario sa panig ng modernismo bilang isa sa pangunahing modernistang makata ng kaniyang panahon. Litaw na ang Balagtasismo ang luma at ang Modernismo ang bago o makabago sa sinasabi niyang “bagong modelo ng pagsusuring pampanitikan na may layuning magdulot ng reporma sa dati’t kasalakuyang (i.e., nang panahong yun) paraan ng pag-aaral ng literatura sa mga eskuwelahan at nakatakhang bumago sa pagtaya ng mga makata at kapisanan nitong ika-20 siglo.”

Gayunman, hindi naman layunin lámang ng aklat na ito na pagbanggain ang naturang dalawang puwersa at udyok sa pagtula kundi suysuyin at imapa rin ang naging daloy at pag-unlad nito sa kasaysayan at ang naging partisipasyon at impluwensiya ng mga makata sa mga panahong ito, mulang Balagtasismo hanggang Modernismo. Kayâ nahahati ang balangkas ng aklat sa tatlo:

(1) Balagtasismo, 1900-1932: Batis ng Tradisyon at Kumbensiyon; (2) Modernismo, 1932-1961: Unang Daluyong Kontra-kumbensiyong Balagtasista; at (3) Modernismo, 1961-1972: Ikalawang

Daluyong Laban sa Balagtasismo. Pinagigitnaan ang balangkas na ito ng pasakalye ng may-akda

at ng kaniyang “pahabol” bilang pagtalakay sa mga bagong krisis at pangyayari sa panulaan.

Sa ganitong balangkas, kinailangang tukuyin ni Almario kung ano ba ang sinasabi niyang Balagtasismo at kung sino-sino ang mga Balagtasista sa isang bandá at kung ano ang Modernismo at sino-sino ang mga Modernista sa kabiláng bandá. Napakahalaga ng mga pagtukoy na ito upang mapalitaw nang mahusay ang kaibahan at kabaguhan ng Modernismo sa Balagtasismo yamang nása una

ang kaniyang mahihiwatigang kiling. Mapapansin nating dalawang bahagi sa balangkas ang nakalaan sa Modernismo kompara sa isa lámang sa Balagtasismo, bagama’t masasabing hindi naman ito sinadya lámang talaga ni Almario ngunit dahil ganoon lámang talaga ang naging pangyayari sa takbo ng kasaysayang pampanulaan sa ika-20 siglo. Aniya sa pasakalye: “Ang modelong Balagtasismo versus Modernismo ay waring isa lámang pagsasadula sa naging galaw at bisa... sa larangang pampanulaan” (vii). Aminado rin siya sa mga posibleng limitasyon at kakulangan ng kaniyang aklat: “Panukalang modelo ito at maaaring lumitaw na limitado bukod sa pangyayaring dapat pang dagdagan ang talakay sa librong ito ng mga impormasyon at iba pang kilatis ng karanasan na nakaligtaan o hindi ganap na nasuri” (vii). At maging sa mahihiwatigang kiling niya sa Modernismo: “Kahit ang paraan ng talakay sa iba’t ibang kabanata ng librong ito ay may sintomas ng naturang limitasyon. Halos umaasa lamang sa limbag na akda ang rekonstruksiyon ng mga unang yugto ng kasalukuyang panulaan. Samantála’y personal at sobra sa detalye ang mga anekdota sa ikatlong yugto’t panahon ng mga Modernista sa akademya. Ang huling pansin ay maaaring sabihing senyal ng kawalang-disiplina sa pagsulat bukod sa sentimyentong hindi nalalayo sa paboritismo” (vii).

Sa ikatlong kabanata, Modernismo, 1961-1972, lalo sa bahaging “Literatura Para sa Akademya,” lilitaw ang ambag ng mga modernistang makata nang mga panahong yun. Sa isang bahagi: “Sa panulaan... sumibol [ang mga] makatang tulad nina Lamberto C. Manuzon, Oscar Suarez Manalo, Rolando P. Bartolome, Lorenzo B. Juachon, Rodolfo Salandanan, Francisco G. Sigua, Rafael Dante Cruz, J. Mario Laqui, Jose Ser. Sahagun, Alberto F. de Guzman, Lamberto Ma. Gabriel, Al Q. Perez, Domingo Landicho, Rogelio G. Mangahas, Rio Alma, at Lamberto E. Antonio” (199). Kapansin-pansin na sa mga pangalang ito (bagama’t ang mga ito ay ang mga kasapi lámang noon ng organisasyong KADIPAN), maliban kay Domingo Landicho, ay ang tatlong nahúhulí lámang ang magpahanggang ngayon ay may alingawngaw ang mga pangalan. Anupa’t sila ang tinaguriang “tungkong-kalan” ng University of the East na nagpasimuno ng “unang sustenadong

himagsik ng estudyanteng makata.” Ayon mismo kay Rogelio G. Mangahas:

Sa pagpasok ng ikalawang hati ng sinundang dekada, kami nina Rio Alma at Lamberto Antonio ay pawang nalulong sa pagkatha ng mga obrang imahenista, simbolista, suryalista, ekspresyonista, realista at iba pa. Kadalasang sa harap ng mga bote ng serbesa ay kasama ring pulutan namin ang mga obra nina Eliot, Lorca, Rilke, Quasimodo, Valery, Pound, at iba pang awtor, maging sa tula o sa prosa... Ang impluwensiya ng mga naturang makata ay maluwag naming tinanggap at inilangkap namin sa mga katutubong tradisyon, sa mga pananagisag na hango sa ating panitikan, kultura, kasaysayan. Sa gawaing ito ay namalayan namin ang mga bagay na aming iniwasan o pinaghihimagsikan sa ating panulaan: ang moralismo o lantarang pangangaral, sentimentalismo, kabuhaghagan ng taludtod o porma dahil sa pagkamasalita, pamamakipak ng kombensiyon, inhibisyon, at natural na kasama rito ang tiwaling “values” sa ating lipunan (204).

Ayon naman kay Lumbera, ang panulaang Tagalog sa bungad ng bagong yugto ay “*characterized by revolt against traditional forms and subject matter by such poets as Rio Alma, Rogelio G. Mangahas and Lamberto Antonio...*” Muli, itinatakda rito ang halaga ng tatlong modernistang makata bilang pangunahing tagapagsulong ng modernismo sa panulaan.

Sa huli, pahabol ni Almario:

Hindi kalabisang sabihin na ang mga akdang nalathala ng mga dating Modernista pagkatapos pairalin ang batas militar ang siya pa ring pinakamakabuluhan at impluwensiyal na pagtula sa ha- nay ng mga makata sa kasalukuyan. Nangunguna sa listahan ang *Doktrinang Anakpawis* (1979) ni Rio Alma, *Hagkis ng Talahib* (1980) ni Lamberto E. Antonio, *Mga Kagila-gilalas na Pakikipag-sapalaran* (1979) ni Jose F. Lacaba, *Ritmo ng Lingkaw* (1978) at *Dalitan at Tuksuhan* (1979) ni Federico Licsi Espino Jr., at *Dunung-dunungan* (1975) ni Rolando S. Tinio (326).

Mahalagang pansinin sa sipi sa itaas ang paggamit ni Almario ng “dátang Modernista” bílang pagtukoy sa mga modernistang makata, na kinabibiláhan niya. “Dati,” dahil sa tawag ng magulo at masalimuot na panahon ng dekada 70, silang mga modernistang noo’y napilitang pumihit nang ganap tungo sa pagsulat at gawaing pakikisangkot—aktibismo—sa mga isyung panlipunan at pampolitika. Kayâ sa mabilisang tingin, makikitang ang modernismo sa Pilipinas, ayon sa pagsisinsay ni Almario ay reaksiyon at pagbabalikwas, una, sa tradisyon at limitasyon ng tinawag niyang Balagtasismo, at ikalawa, ay sa mga limitasyon din ng modernismo kaugnay ng layunin ng mga makatang makilahok sa mga usapin at suliranin ng bansa.

Gayunma’y magwawakas ang alab ng pagtulang may layuning politikal kasabay ng pagkalansag ng Batas Militar, panghihina ng diktadurya ni Marcos, hanggang sa tuluyang maganap ang unang Rebolusyong EDSA.

Lilitaw ang Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA), na bagong kapisanan ng mga batang makata na itinatag ni Virgilio Almario noong 1985. Ang tuon ng mga makatang LIRA sa pagtula ay ang anyo at kayarian ng tula kayâ mahihiwatigang mayroong modernistang oryentasyon kaysa sa tinagurian ni Almario noon ngang dekada 70 na oryentasyong “Anakpawista.” Magluluwal ang samahang LIRA ng mga bagong makatang sa pana-panahon ay nagtatangkang sumubok ng bago sa larangan ng pagtula bagama’t ang karamihan sa kanila ay naimpluwensiyahan ng mga nangaunang modernista na katu-katuwang ni Almario sa paggabay at pagtuturo sa kanila.

Pagtukoy sa Bago

Sa pagpasok ng bagong milenyo, ang makata-kritikong si Romulo P. Baquiran Jr. ang unang tumukoy ng kabaguhang nagaganap sa panulaang Filipino. Sa sanaysay niyang “Lirisismo at Ultra-retorikismo sa mga Kabataang Makata,” ipinahayag niyang may mga makatang nagpapakita ng bago sa kanilang mga tula. Ipinaliwanag niyang sa kasalukuyan may dalawang moda ng pagtulang nangyayari. Ang una ay ang

lirisismo, na aniya, ay pagpapatuloy ng modang liriko ng mga naunang modernistang makata. Ang ikalawa, ang modang tinawag niyang ultra- retorikismo, at aniya ay siyang may ginagawang kabaguhan sa kontemporaneong pagtula sa pamamagitan ng pagpapamalas ng “paggamit ng sensibilidad na nagtatanghal sa pantastiko at enigmatiko.” Isang panimulang sarbey ang kaniyang ginawa sa dalawang modang kaniyang tinukoy at saklaw lámang ang mga taong 1999 hanggang 2004 sa hangaring makagbigay ng panimula ring pagsusuri sa nangyayaring galaw na ito ng panulaan.

Siyempre pa’y kinailangan muna niyang linawin ang kaniyang pakahulugan sa “bago” yamang hindi nga madali ang gawaing ito. Heto ang kaniyang pahayag:

Nais din ng papel na ito na tukuyin sa mga piling akda ng mga kabataang manunulat ang mga pagkakagamit ng umiiral na praktika ng pagsulat ng tula at tukuyin din ang mga bago sa pagbuo ng naiibang estilong poetiko. Dapat linawin muna ang kaligirang pangkultura kung saan ipinoposisyon ang pagsasagawa ng mga layunin ng artikulong ito. Tinutukoy sa “bago” ang dalawang pakahulugan. Una ang pagiging kontem- poraneo ng mga akdang kaugnay ng katotohanang mga kabataan ang sumulat sa mga tula. Hindi maiiwasan na mapasama sa categoryang bago ang kanilang likha sa diyakroniko o *linear* na pagdaloy ng kasayayang panliteratura. Sa pagtuturing na ito, maisasama rin ang lahat ng mga naisulat ng tula ng kabataan at maging ng sinumang manunulat ngunit tumutuon lamang itong papel sa mga piling kabataang makata na ang mga akda’y nalimbag sa loob ng nakaraang anim na taon (75).

Sa pagtukoy ng bago, waring hindi nga maiiwasang higit na pansinin ang mga likha ng mga kabataan, gaya ng ipinahahayag ni Baquiran. Ayon kay Tolentino, “[k]adalasa’y sa kabataan nanggagaling ang bago dahil sa relatibong sariwang perspektibang dinadala nito. May ahensiya silang mag-experimento sa kanilang sining at buhay, at magdala ng katanggap-tanggap—kahit pa karumal-dumal—na bago sa harap

ng mga tradisyon” (169).

Gayunman, hindi lang naman ito ang pamantayan para sa ginagawang pagtiteorya ni Baquiran. May isa pang pamantayan para sa kaniyang pagpapakahulugan sa bago na para sa kaniya ay higit na mahalaga—ang may kinalaman sa kahusayan ng tula. Aniya:

Sa ikalawang pakahulugan, tinutukoy naman ang kalitatibong katangian ng mga tula sang- ayon sa tradisyon o praktika ng pagtula na isinasagawa sa estilo ng beteranong manunulat. Maituturing na tradisyon ng Modernismo ang praktikang ito sa pagtula na malaganap na sinusunod ng mga kontemporaneong makata sa Filipino, kabataan man o beterano. Nais gawin sa artikulong ito ang panimulang pagsipat sa pag-unlad ng bahaging ito ng larangan ng pagtula. Mayroon bang bagong nangyari sa ikalawang pakahulugan—sa poetikong kalidad ng pag-akda ng tula—sa mga likha ng kabataang manunulat? Kung mayroon, ano ang pangunahing katangian nito? Ano ang nagbubunsod sa pag- sulong nito? (76)

Para kay Allan Popa, mahalaga ang ginagawang ito ni Baquiran, dahil “ang ganitong panimulang pagtataya ng kasalukuyang pagtula hindi lámang sa konteksto ng tradisyon ng anyong pampanitikang kinabibiláan na posibleng nagluwal ng estilong tiwalag sa kamalayang popular kundi maging sa tabi ng iba pang anyo ng ekspresyon na magpapakita ng kabulagan ng kontemporaneong panulaan sa sarili nitong mga limitasyon.”

Eksperimental ang Bago

Ano nga ba ang katangian ng bago o ng moderno? Para kay Tolentino, muli, “ang moderno ay sabayang experimentasyon sa substansya ng porma at laman” (168). Maituturing kung gayon na isang pangunahing katangian ng bago ang eksperimentasyon bagama’t hindi naman laging nangangahulugang eksperimental ang bago. Maaaring may bago lang talagang sinasabi (sa panahong maaaring nasabi na nga ang lahat) o maaaring sa paraan ng pagsasabi ng isang bagay

o pangyayaring luma naman na. Gayunman, para kay Ann Lauterbach, isang makatang Amerikano na karaniwang tinataguriang eksperimental ang mga likha, ang eksperimental ay laging nása pagitan. “Between promise and fact, between new and unapproachable, known and unknown, the experimental is always between, like a hinge,” (9) sabi niya. Sa ganito, maaari ngang ang bago, ang kontemporaneo sa panulaang Filipino, ay ang nása pagitan ng moderno at postmoderno.

Ang pinakahuling antolohiya na nagtatangkang tipunin ang mga bagong akda sa kontemporaneong panahon ay ang *Kritika Kultura Anthology of New Philippine Writing in English* (2011) na pinamatnugutan nina Conchitina Cruz, Mark Anthony Cayanan, at Adam David. Sa kanilang introduksiyon, ganito ang unang pahayag ng mga editor: “*The decision to affix the term new to this anthology derives from the conviction that there are enough surprising behaviors in language present in recent Philippine writing in English...*” Itong “*surprising behaviors in language*”—kung anuman ang mga ito—kung gayon ang nagpapakita ng kabaguhan sa mga akdang pinili ng mga editor. Mapapansing hindi nila tinawag ang mga akdang ito na postmoderno kahit pa nga pinansin nilang karaniwang taglay ng mga akda ang mga estilo at katangiang mailalapat sa isang postmodernong likha tulad ng pragmentasyon, intertekstuwalidad, parataxis, probisyonality, indeterminacy.

Kung gayon, para sa mga editor ng antolohiyang ito, ang bago ay laging pansamantalá lámang, at ang pagtukoy/pag-aantolohiya rito ay hindi natatapos, at laging kinakailangan ng pagtatáya. Para sa akin, mahalagang natukoy ng mga editor na ito ang kalagayan ng bago at ang bago sa kalagayan ng ating pagtula sa kasalukuyan—ang tinatawag na kontemporaneo.

Hindi maikakaila, samakatwid, na kabilang sa kontemporaneong panulaang Filipino ang konseptuwal na pagsulat yamang tigib sa bago at eksperimental/eksperimentasyon ang nosyon ng bago/konsepto ng kontemporaneo. Sa isang mabilisang sulyap sa nilalaman ng *The Routledge Companion to Experimental Literature* (2012) na inedit nina Joe Bray, Allison Gibbons, at Brian McHale, makikitang

kabilang dito ang tagpong tula, di-malikhaing pagsulat, at sining ng apropiyasyon—patunay lámang na eksperimentasyon din, kung pagbabatayan ang *Routledge Companion*, ang nása ubod ng konseptuwal na pagsulat.

Redepinisyon ng Pagsulat/Pagtula sa Konseptuwal na Pagsulat

Tinukoy ni Goldsmith na dahil sa paglitaw ng Internet na nagpadagsa sa tekstong digital, kinakailangan ng pagsulat ng redepinisyon ng sarili nito upang makaangkop sa bagong kaligirang tigib nga sa tekstong digital. At para sa kaniya, itong di-malikhaing pagsulat ang angkop na tugon, ang aniya ay “potograpiya ng pagsulat,” bílang pag-aalusyon sa naging reaksiyon ng sining ng pagpipinta sa epekto rito ng imbensiya ng potograpiya. Sa isang ipinalaganap na manipesto, ipinahayag ni Goldsmith na:

Conceptual writing or uncreative writing is a poetics of the moment, fusing the avant-garde impulses of the last century with the technologies of the present, one that proposes an expanded field for 21st century poetry.... Conceptual writing obstinately makes no claims on originality. On the contrary, it employs in-tentionally self and ego effacing tactics using uncreativity, unoriginality, illegibility, appropriation, plagiarism, fraud, theft, and falsification as its precepts; information management, word processing, databasing, and extreme process as its methodologies; and bore-dom... as its ethos. Language as junk, language as detritus... entartete sprache, everyday speech, illegibility, unreadability, machinistic repetition. Obsessive archiving & cataloging, the debased language of media & advertising; language more concerned with quantity than quality.... With the rise of appropriation-based literary practices, the familiar or quotidian is made unfamiliar or strange when left semantically intact. No need to blast apart syntax. Conceptual writing is more interested in a thinkership rather than a readership.

Readability is the last thing on this poetry's mind. Conceptual writing is good only when the idea is good; often, the idea is much more interesting than the resultant texts.

Idinagdag pa ni Goldsmith na ang mga nangyari umano sa nakaraang 15 taon ay pumuwera sa manunulat na pagnilayan ang wika sa mga paraang di-maiisip nitong nakaraang maikling panahon. Aniya pa:

With an unprecedented onslaught of the sheer quantity of language (often derided as information glut in general culture), the writer faces the challenge of exactly how best to respond. Yet the strategies to respond are embedded in the writing process, which gives us the answers, whether or not we're aware of it.

Why are so many writers now exploring strategies of copying and appropriation? It's simple: the computer encourages us to mimic its workings.

Sinusugan ng kritikong si Brian Reed, sa kaniyang sanaysay na “In Other Words: Postmillennial Poetry and Redirected Language,” ang pahayag ni Goldsmith tungkol sa dami ng mga manunulat na gumagamit ng apropiyasyon, gamit ang terminong “redireksiyon ng wika.” Aniya:

In the new millenium... many poets have resorted to redirecting language: appropriating others' words, redacting them, and presenting them as their own. They write—if one can call it writing—what looks like long poems and lyrics yet, when compared to canonical verse... appears to pursue different ends.

... [T]hey invite readers to think about the relationship of authorship, medium, genre, context, and meaning. They reward, even require, seeking out and scrutinizing other texts. Above all, they tend to downplay self-expression in favor of documentation, especially of the demotic, vernacular, and popular.

Sa ganitong proseso ng pagsulat o pagprodyus ng mga akda, na para kay Goldsmith ay “uncreative,” “unoriginal,” “unreadable,” at “boring” o mga akda na, para kay Reed, may ibang tunguhin o layunin, maaasahan na ibang klaseng akda o tula ang malilikha/mapoprodyus, kung maituturing pa nga ang mga itong tula, unang-una. Kayâ nga, tanong-pamukaw ni Reed, sa nabanggit nang sanaysay—“tula ba talaga ito?”—na tinutukoy bilang halimbawa ang nilalaman ng aklat na *Sports* (2008) ni Goldsmith, na isang transkripsiyon ng “longest nine-inning major game of baseball in history.”

Gayunman, ayon kay Perloff, na maituturing na isa sa mga pinakamasigasig na tagapagsuri at tagapagpaliwanag ng konseptuwal na pagsulat, sa kaniyang librong *Unoriginal Genius* (2010), binibigyan tayo ni Goldsmith (sa kaniyang aklat na *Traffic*, na may kaparehong paraan ng produksiyon tulad ng sa *Sports*) ng “tula na hindi kamukha ng anumang tula na nabása na natin, ipinipresenta ito sa atin bilang akdang di-mababása upang hamunin tayong basáhin ito.” Dagdag pa ni Reed, patungkol pa rin sa akda ni Goldsmith:

In the manner of Duchamp and his heirs, Goldsmith challenges received notions about what does and does not constitute a poem, presumably in an effort to make readers rethink their assumptions about what the art form can and cannot accomplish.

Dapat linawin na bagaman isa nga si Goldsmith sa mga pangunahing tagapagsulong ng kilusang ito (kung maituturing ngang kilusan), marami pang ibang manunulat, gaya ng nabanggit na sa unang dako ng sanaysay na ito, na masasabing konseptuwalista o nakikibahagi sa ganitong moda ng produksiyon ng likhang sining. Sa aklat na *Notes on Conceptualisms* (2009) nina Vanessa Place at Robert Fitterman, halimbawa, nagsama sila ng isang maikling apendiks ng mga akdang konseptuwal mula sa Amerika, Canada, at England. Ilan sa mga kabilang sina Caroline Bergvall, Jen Bervin, Ara Shirinyan, Noah Eli Gordon, Derek Beaulieu, Tan Lin, Simon Morris, Juliana Spahr, Christian Bok, at Nada Gordon.

Sa Pilipinas, sa aking pagbabasá at pagtatáya,

hindi pa gaanong laganap ang idea at praktika ng konseptuwal na pagsulat (tulad sa ibang bansa, nauna ang sining biswal kaysa panitikan pagdating sa praktikang ito), bagama't marami-rami na ring kontemporaneong manunulat ang sumusubok sa moda ng produksiyon ng sining na ito gaya nina Angelo Suarez, Adam David, Conchitina Cruz, Donna Miranda, Oliver Ortega, Vince Dioquino, Faye Cura, Harris Guevarra. Nangangailangan ng hiwalay na pagtalakay tungkol sa lokal na konseptuwal na pagsulat vis-à-vis konseptuwal na pagsulat sa ibang panig ng daigdig. Ang mahalaga, maliwanag ang nangyari at patuloy na nangyayaring pagbabago sa pagsulat. Sa wika ng kritikong si E. San Juan, Jr., sa kaniyang sanaysay na "Panukala sa Pagbuo ng Konseptuwal na Sining & Diskursong Post-Konseptuwal": "Samutsaring posibilidad ang nakabukas dahil sa teknolohiya. Lalo na ang materyalidad ng wika at iba't ibang signos/senyal. Nása gitna tayo ng rebolusyon sa sining." At gayundin, muli, para kay Reed: "*The poetics of redirected language, as practiced by a range of different poets since the turn of the millenium, cannot simply be explained (or dismissed or contained) as another move in a Duchampian chess game.*"

Kabilang ang pagbubura sa baryedad ng mga tula/akda na naprodyus nitong mga nakaraang taon sa mga pamamaraan (marami pang ibang paraan tulad ng paglilista, paggamit ng kontrolado o limitadong bokabularyo, dokumentasyon, prosidyural) na gumagamit ng redireksiyon (pagpili at pag-angkin ng akda ng iba) ng wika. Maraming maaaring gamitin o maaaring gawin sa pagbura ng teksto. May mga gumamit ng bolpen, lapis, marker, whiteout, correction fluid, ink, at iba pa. Mayroong hiniwa o inukit mismo ang papel at mayroong binurdahan ang mga salita matapos ilimbag muli ang buong pinagkunang teksto sa isang materyales na mabuburdahan. Lumalabas ang pagkamalikhain kahit sa pagpili ng paraan ng pagbubura at naipakikita rin ang malapit na ugnayan ng pagbubura at sining biswal. Ako, gumamit na ng lapis, bolpen, krayola, at marker.

Interes sa Kawalan at Espasyo

Sa isang random post tungkol sa erasure sa *Facebook*, isang kaibigan ang nagkomento na tila napapadalas ang pagbubura ko. Pabiro akong sumagot na gusto ko na lámang maging erasure artist at ang interes ko sa erasure ay maaaring bunga ng malaking interes ko sa kawalan (*loss, disappearance*), sa mga nása pagi-pagitan, at sa blangkong espasyo—at kahit sa mga pamagat pa lámang ng iba kong aklat (na hindi aklat ng pagbubura), halimbawa, *Parang, Hindi man lang nakita, Guwang*, ay maaaring agarang lantad ang interes na ito. Ang espasyong ito, para sa akin, gaya ng mga naiwan o nananatiling salita sa páhiná, ay bahagi at bumubuo sa bawat tula at sa kabuuan ng aklat—maaari itong basáhin, halimbawa, bílang ang tekstong nawawala na gayunman ay naroon din—o ang kawalan ng tekstong hindi ganap na kawalan kundi presensiyang nagpapaigting lang lalo sa pananatili ng tekstong umiral at umiiral. Puwersa ng espasyong nagpapalutang sa mga salita at mga salitang mandin, sa pang-ibabaw, ay mga marka nitong pag-iral ng espasyong ito.

Sa madaling sabi, napakahalaga ng espasyo sa akin, kasinghalaga ng wika. Marahil hindi naman kalabisan kung sasabihing espasyo ang lahat. Ang espasyo sa páhiná ay hindi nabubura ng ingay ng di-angkop na kataga kundi napupunan lámang ng lapat na wika. Inilalapat ng makata ang tugma at sukát na salita sa espasyong bubuo sa katawan ng tula. Sa ganito, may espasyong pinunan (ng wika/materyales) at may espasyong blangko/patlang/kawalan. Gayunman, sa pang-ibabaw lang ito halos dahil ang espasyong pinunan ay maaaring hindi naman talaga napunan o napunan nang ganap (hindi kailanman mabubura ang espasyo) at ang espasyong blangko/patlang ay maaaring hindi naman talaga ganap na blangko/patlang/kawalan—kayâ ang espasyo ay wika rin. Wikang hindi mapatatahimik kailanman bagama't tila nananatiling tahimik. Kung paano kailangan, sa palagay ko, na marinig/maiparinig ang wikang ito (espasyo) higit pa sa káyang iparinig ng ating wika (bagama't hindi dapat matabunan ng espasyo ang wika kundi maging katulong/katambal pa ito ng wika) ang isa sa mga pangunahing tinatangang

tugunan ng proyekto sa una kong libro ng pagbubura, ang *Alingaw*.

Awit at Alingaw

Resulta ang *Alingaw* ng pagbubura na ginawa ko sa mga tula sa aking manuskrito ng *Alinsunurang Awit*. Isang koleksiyon ng lirikong tula—ng mga awit—ang *Alinsunurang Awit* na nabubuklod at hinuhubog ng iisang paksa—ang pag-ibig. Pag-aalinsunod o muling pagsasalaysay ng mga naratibo ng pag-iibigan mula sa iba’t ibang anyo ng sining ang proyekto sa aklat na ito. Sa pagbuo ko ng mga tula sa *Alingaw*, estrikto kong pinanatili ang lahat ng naisulat ko sa noon ay hindi pa nalalathalang *Alinsunurang Awit*. Pinanatili ko maging ang posisyon ng mga salita sa orihinal o pinagkunang teksto sapagkat nakuro at nadama ko ang pangangailangan para rito kaugnay ng proyekto, i.e., ang pag-iral ng maiiwang espasyo matapos ang pagbura ng mga salita. Tingnan ang halimbawa (ang nása kaliwa ay mula sa *Alinsunurang Awit* at ang nása kanan ay mula sa *Alingaw*):

Binura ko ang mga tula sa *Alinsunurang Awit*, una, dahil sa nadaramang diskontento at kakulangan sa sariling akda na ilang ulit ko na ring nirebisa bagama’t

hindi ganap na maabandona. Waring nakikini-kinita ko noon na mayroon pa akong magagawa rito higit sa patuloy na rebisyon dahil natatanto rin na kung minsan ang rebisyon ay hanggang doon na lámang. Ikalawa, nang mga panahong yun ay masinsinan ko nang pinag-iisipan ang mga pamamaraan ng apropiyasyon lalo sa partikular ang pagbubura. Iniisip ko na kung susubukin kong gawin ang pagbubura, gagawin ko ito hindi lámang bílang isang pormal na ehersisyo kundi isa rin talagang personal na proyekto. Wala akong naisip noon na mas personal pang pormal na ehersisyo kundi ang burahin ang sariling akda. Sa isang bandá, wala pa akong nakita o nabása na nagbura ng kaniyang sariling akda, bagama’t kung mayroon na, s’yempre ay sa akin ang pagkakamali. Ano’t anuman, napagpasyahan kong ipursigi ang proyektong ito lalo pa’t malaki rin ang hangarin ko na isulong pa ang hangganan ng aking pagtula, tuklasin ang mga posibilidad ng paglikha gamit ang ibang pamamaraan. At lagi na, walang ibang pinakamabisang paraan ng pagtuklas kundi sa pagsasagawa—kung gustong malaman ang mangyayari sa teksto pag binura ito, kailangang burahin ito.

AWIT NI MARIA NG MAGDALA

At paglingon ko ay naroon ka
waring pinagkatawang-tao ng aking salita.
Ngunit dahil hilam sa luha hindi kita

agad nakilala nang magtanong: Babae bakit ka umiiyak?
Sino ang iyong hinahanap? Sa akala
na ikaw ang hardinero sumagot ako: Ginoo

kung siya’y iyong dinala sabihin mo
kung saan mo siya inilagak at siya’y aking kukunin.
Ngunit nang sambitin mo ang aking ngalan

Maria paano ko malilimot ang iyong tinig.
Ang tinig na tumawag sa aking yumaong kapatid
ang tinig na nagpalayas sa pitong demonyo

sa aking katawan at higit pa roon ang tinig
na nagpabatid sa akin ng tunay na pag-ibig.
Ngayon ay nais kitang yakapin gawaran ng halik.

Madama—maipadama ang init sa iyong pagbabalik—
ngunit gaya ng lahat ng wages na kariktan
hindi kita maaaring hawakan.

MA N DALA

sabihin mo

ang aking ngalan

Ang tinig

sa aking katawan

Ngayon ay nais kitang

hawakan.


Dahil hindi pa nalalathala noon ang *Alinsunurang Awit*, maaari ko na itong hindi ilathala nang tuluyan at ilatlahala na lámang ang mga pagbubura nito, ang *Alingaw*. Naniniwala na higit na maganda at mabisa itong huli kaysa una. “[E]ight times out of ten, an erasure of a poem, made by the author of that poem, will be better than the original poem,” ayon kay Mary Ruefle, makatang Amerikano at erasure artist. Gayunman, esensiyal sa pagbubura ko ng *Alinsunurang Awit* at pagbubuo ng *Alingaw* ang konsepto ng alingawngaw o ang pagbaliktad sa konsepto ng alingawngaw bílang panggagagad o pangongopya o pagbabalik lámang ng labí ng orihinal na tinig—bílang sekondaryang wika na baság at kapisasong testamento lámang ng tunog na nása bingit ng paglalaho. Ibig kong ilagay sa unahan ang alingawngaw at hindi sumusunod lámang sa orihinal na tinig o awit. Higit na mabibigyang diin ang konseptong ito, kung ilalathala ko rin ang *Alinsunurang Awit*, subalit pagkaraang mailathala ko muna ang *Alingaw*. Tahasan itong pagbabaliktad: mauuna ang alingawngaw sa pinagmulan nitong orihinal na awit. Aktuwal bagama’t konseptuwal din na pagsasakilos ng ipinahahayag ng mga tula sa páhiná. At sa kabuuan ay matatag na kontrapunto

at susog sa ideyang nagpapakilos sa *Alinsunurang Awit*—na ang mga tula rito ay pag-aalinsunod sa mga naunang naratibo tungkol sa pag-ibig. Dahil pag-aalinsunod din ang pagbubura. Narito ang dalawang aklat:


Pagbubuo mula sa Kung Ano ang Mayroon

Anupa’t para kay Craig Dworkin, sa kaniyang introduksiyon sa librong *Against Expression: An Anthology of Conceptual Writing*, “Echo, literally, always has the last word” (xlvi). Dagdag pa ni Dworkin na naging unang halimbawa si Echo ng apropiyasyon o paggamit ng wika ng iba para sa pansariling pagbubuo—“making do,” aniya—“as a verbal *bricoleuse*.” Ganito ko rin tinitingnan sa pangunahin ang pagbubura: pagbubuo mula sa kung ano ang mayroon o binigyan ka—ang nariyan nang materyales/teksto—kaysa paglikha mula sa wala. Sabi nga ni Mary Ruefle, sa regular na pagsulat ay malaya siyang gamitin ang anumang salita mula sa lahat ng salitang umiiral, samantálang sa pagbubura, makapipili lámang ng mga salitang gagamitin mula sa mga salita sa páhináng binubura. Limitasyon, samakatwid. Para raw siyang binigyan ng “anyo”—

ALINSUNURANG AWIT



ALINSUNURANG AWIT



saklaw ng ilang panuntunan o rules. Sa ganitong pananaw, nakakukulang ang anyo, nakapigil sa kalayaang maging ganap na malikhain. Kayâ nga dagdag ni Ruefle, “Tinalikdan ko ang pormal na pagtula buong búhay ko, pero sa wakas, nakatagpo ako ng anyo na hindi ko matalikdan. Parang pagsusulat gamit ang aking mga mata sa halip na mga kamay.” Totoo rin para sa akin itong kaniyang hulíng sinabi na pagsusulat gamit ang mga mata. Pag nagbubura, parang mas sinasanay ko ang aking mga mata sa paghuli ng mga salita. Mas pinatatalas ito sa paulit-ulit na pagbása sa tinutunghayang páhiná hanggang makita ang dapat makita at mabura ang dapat mabura. Minsan, mapalad na tila umaahon agad ang mga salita sa loob lámang ng ilang minuto. Madalas, nakapanlulumo at nakapanghihina na tila walang nangyayari kahit pa ilang ulit ko nang nabása ang buong páhiná—walang nabubuo sa isip, walang nabubura o mabuburang mga salita sa páhiná—o ang mas masaklap, mas mainam kung buburagin ang buong páhiná. Muli, limitasyon. Gayunman, narito para sa akin ang malaking hamon ng pagbubura: ang tawirin ang hangganan ng limitasyon tungo sa layà ng posibilidad ng pagbuo at realisasyon nito. Dito masusukat ang saklaw ng imahinasyon at pagkamalikhain. Sa pagbubura, higit na hayag ang pagpili ng materyales ng manunulat at ang mga pagpapasyang kaniyang gagawin upang bumuo ng bagong teksto mula rito. Para kang eskultor na binigyan ng isang blokeng marmol para ukitin doon ang isang anyo. Samakatwid, paghanap sa anyo na nása loob ng bloke ng marmol. Sa ganito mapalalawak natin ang pagtukoy sa anyo na basikong itinuturing ni Ruefle bílang limitasyon, na totoo naman. Subalit, ayon kay Ann Lauterbach, isa pang Amerikanong makata, lahat ng likhang-sining sa pinakapayak na nibel ay pagtatagpo lámang ng mga ugnayan na resulta ng mga pagpili. Ito, hindi ito, sabi ni Lauterbach. Ang anyo, dagdag pa niya, ay bunga ng pagsasalikop ng paksa at ng limitasyon ng materyales at ng mga pagpili ng manunulat kaugnay ng kaniyang materyales at itong pagsasalikop ng paksa at ng anyo ang nagbibigay-daan sa nilalaman. Ang pagbubura kung gayon ay paghanap ng anyo ng tula sa loob ng ibinigay na teksto. Muli, kung babalikan si

Lauterbach, ang tula para sa kaniya ay paanyaya sa paghanap ng anyo. Sabi niya: “*Once the words are on the page, I have a conversation with them. How can I help you become a poem?*”

Minsa’y Bilog, Minsa’y Ilog

Ano nga ba ang anyo ng tulang hinahahap? Ang sagot ko: Minsa’y bilog, minsa’y ilog. Minsa’y bilog—dahil anyong walang mukha at wala ring simula at hangganan, bagama’t mayroong diyametro at radius at mayroong mga puntos na hindi nakikita subalit mapag-uugnay upang bumuo ng linya at ugnayan ng mga linya. Minsa’y ilog—dahil patuloy na dumadaloy, mula sa isang bukal tungo sa mas malawak na karagatan. Minsa’y ilog—dahil malalim kung tahimik at mababaw kung maingay. O dahil ang lahat ay tubig at hindi kailanman makatatawid nang dalawang beses sa iisang ilog. Minsa’y bilog, minsa’y ilog. Mula sa isang anyo tungo sa isang anyo. Pansinin natin ang pagbura sa letrang “b” sa “bilog” upang maging “ilog.” Mula sa isang anyong walang mukha tungo sa isang anyong may mukha at mapananalaminan ng iba pang mukha. Subalit minsan ay bituin din, o anghel, o isang uri ng hayop, o munting alaala, o larawan, o sandalyas, o anumang bagay, ad infinitum. Bagay ang tula. “*No ideas but in things,*” maaalala natin si William Carlos Williams. Ang punto, nása mga kamay o mga mata ng makata, kung babalikan natin ang sinabi ni Ruefle, ang paglikha o pagbuo ng tula.

Pagbubuo ng tula sa pamamagitan ng pagbubura. “*I compose the holes,*” sabi ni Ronald Johnson, Amerikanong makata, sa pagbura niya ng unang apat na aklat ng *Paradise Lost* ni John Milton. Tulad ni Johnson, binubuo o binubuno ko rin ang mga butas o guwang o espasyo sa aking pagbubura. Minsan ay pinananatili ko ang mga butas o guwang o espasyong ito, gaya sa *Alingaw*, upang balintunang bigyan ng mas malakas na tinig, ng tinig na tila naghuhumiyaw sa kabila ng kawalan. “*Silence and shout can happen simultaneously,*” sabi ni Truong Tran, isang makatang Vietnamese-American. Minsan ay kailangang paghilumin ang mga butas o guwang o espasyo matapos buuin upang higit na bigyang-kawing,

bigyang-diin ang mga ugnayang nabuo gaya sa *Pesoa*. Tingnan ang halimbawa (ang nása kaliwa ay mula sa *Personal* at ang nása kanan ay mula sa *Pesoa*):

Sa halimbawang ito, mapapansing hindi ko naman binura ang letrang “b” sa “bilog” upang maging “ilog” kundi naroon na talaga ang dalawang salita sa orihinal na teksto bagama’t magkalayo at kinakailangan, sa palagay ko na, literal na paglapitin (paghilumin ang butas o guwang o espasyo) upang imungkahi ang napakalapit na posibilidad ng pagkakaugnay ng dalawang magkaibang konsepto—ang konsepto ng bilog at konsepto ng ilog kaugnay ng tula, at pagbubuo nito, para sa akin. Malinaw sa dalawang halimbawa ng paraan ng pagbura (at mayroong isang libo’t isang paraan ng pagbubura) ang halaga ng pagpapasya kung ano ang gagawin sa tinatawag ni Johnson na “composing the holes.” Ang diin sa halaga ng mga pagpapasya sa pagbubura bílang pagbubuo ang nagbibigay ng isa sa mga katangian nito, na lubha kong pinahahalagahan, na ang pagbubura ay nagiging paraan o daan ng pagbibigay ng mas marami pang kahulugan. Kalugod-lugod para sa akin, kung hindi man kamangha-mangha talaga, na sa pagbubura, kung iisipin, ay wala naman talagang nabubura kundi

nadaragdagan pa nga ang teksto, sa pagpukaw sa atin ng iba pang paraan ng matalik na pagbása. Binura ko man ang *Personal* ni Rene O. Villanueva para buuin ang *Pesoa*, o binura ko man ang *Kung Bakit Kailangan ang Himala* ni Rio Alma para buuin ang libro kong *Mal*—maaari pa ring mabása ang mga aklat nila nang buong buo, wala ni anino ng marka ng aking pagbubura sa umiiral na mga kopya—at maaari pa ring magbigay ng lugod at kabuluhan ang pagbása ng mga aklat na ito sang-ayon sa kapasidad at panlasa ng bumabása. Gayunman, ibang kaso na pag nabása ang mga nasabing aklat at nabása ang mga aklat na nabuo mula sa pagbubura ng mga ito at nababatid ang mga pakana ng pagbubura at apropiyasyon sa huli na ginagabayan ng iba’t ibang layunin o tunguhin maliban sa tahasang obliterasyon—na pangunahing kahulugan ng salitang *pagbubura*. Maaaring ang pagbubura ay bílang pagmamalay ng konsepto ng karahasan (sapagkat kaugnay nga ng sining na ito ang di-maitatatwang Oedipal na gawain, ang “pagpaslang sa sariling ama” at hindi ba’t marahas talaga ang akto ng pag-ekis o pagkaskas sa salita sa páhiná); maaaring bílang akto ng censorship gaya ng gawain ng gobyerno, na siyempre’y marahas

Proseso I

Bigla kong naalala ang mga tulang ginugupit ni Nanay sa *Liwayway*. Ang mga paboritong tula ng tatay ko. Marami sa mga tulang iyon ang bumabanggit sa buwan—sa palaisipang buwan; sa maalamat na buwan; sa malamlam na liwanag nitong tila malamig na pilak; sa minsa’y bilog, minsa’y hiniwang pakwang buwan; sa buwang tinatalukbungan ng maitim na ulap; sa buwang nananalam sa ilog; sa buwang tumatanglaw sa pagsisintahang nagnanakaw ng halik; sa malayo, buwang mailap, misteryosong buwan. Nang yumapak ang tao sa mukha ng buwan, tila biglang naglaho ang aking kawalang-malay. Ang buwan ng mga tulang paborito ni Tatay ay naging isa na lamang destinasyon ng siyensiya. Bato, buhangin, alikabok. Nasakop ng teknolohiya ang poesiya ni Tatay.

Bigla kong naalala ang mga tula
 . Ang mga paboritong tula
 —
 minsa’y bilog, minsa’y
 ilog;
 mga tulang
 isa
 lamang .

Proseso 2

Bigla kong naalala ang mga tulang ginugupit ni Nanay sa *Liwayway*. Ang mga paboritong tula ng tatay ko. Marami sa mga tulang iyon ang bumabanggit sa buwan—sa palaisipang buwan; sa maalamat na buwan; sa malamlam na liwanag nitong tila malamig na pilak; sa minsa’y bilog, minsa’y hiniwang pakwang buwan; sa buwang tinatalukbungan ng maitim na ulap; sa buwang nananalam sa ilog; sa buwang tumatanglaw sa pagsisintahang nagnanakaw ng halik; sa malayo, buwang mailap, misteryosong buwan. Nang yumapak ang tao sa mukha ng buwan, tila biglang naglaho ang aking kawalang-malay. Ang buwan ng mga tulang paborito ni Tatay ay naging isa na lamang destinasyon ng siyensiya. Bato, buhangin, alikabok. Nasakop ng teknolohiya ang poesiya ni Tatay.

Bigla kong naalala ang mga tula. Ang mga paboritong tula—minsa’y bilog, minsa’y ilog; mga tulang isa lamang.

din, “pagpiring sa salita,” sabi nga ni Ruefle, o di-kaya’y pagtakip ng bibig; maaaring pagguhit ng krokis o mapa ng potensiyal at posibilidad sa isang bandá; maaaring isang interbensiyon o pakikialam; maaaring isang akto ng pagsasalà o isang *palimpsest*; maaaring isang kritika, isang pagpupugay, isang diyalogo. Sa pananalita ni Jenni Baker, isa pang Amerikanong makata: “*As a practitioner of erasure poetry, I approach the texts with an eye towards excerpting and recombining words and phrases in a manner that reacts or reinterprets the original.*” Ganito rin ang aking naging dulong sa pagbubura sapul nang burahin ko ang sariling akda sa *Alinsunurang Awit*. Pangunahing nakapaloob sa aking praktika ng pagbubura ang pakikipagdiyalogo sa binuburang teksto, anuman ang iba pang layunin—kritika man o pagpupugay, et cetera. Pakikipag-usap na hindi lámang “paano ba kita magagawang tula?” kung prosa ang pinanggalingang teksto kundi “paano pa ba ako makabubuo ng bagong tula mula sa iyo?” kung tula rin ang pinanggalingang teksto. O kayâ nama’y simpleng “paano ba ako makabubuo ng isa pang teksto mula sa isang teksto?” yamang minsan ay parang hindi naman tula ang nabubuo. At okey

lámang ito. Sabi nga ni Ruefle, “*I don’t consider the pages to be poems, but I do think of them as poetry, especially in sequence and taken as a whole; when I finish an erasure book I feel I have written a book of poetry without a single poem in it, and that appeals to me.*” O sa wika ni Srikanth Reddy, Amerikanong makata at may-akda ng erasure book na *Voyager*: “*I began to delete words from Kurt Waldheim’s memoir hoping, for reasons beyond me, to discover something like poetry within the book.*” *Something like poetry.* Minsa’y bilog, minsa’y ilog.

Konsepto ng Sunuran

Mahalaga ring bigyang-diin sa puntong ito, ang sinabi ni Ruefle: “*...but I do think of them as poetry, especially in sequence and taken as a whole.*” Mahalaga ang konsepto ng sunuran o sequence sa aking praktika ng pagsulat o pagbuo ng aklat ng tula. Tuwina’y nakatuon ang aking bisyon, gaano man ito kasalat o kalabo pa, sa pagsulat o pagbuo ng isang buong aklat ng tula. Hindi lámang pagsulat o pagbuo ng indibidwal na tula. Bagama’t makapag-iisa nga ang mga indibidwal na tula labas sa kinabibilángan

nitong sunuran, higit na mainam at mayaman, para sa akin, ang pag-aambag ng mga ito sa paglikha ng isang mas malaking kabuuan. Kumbaga, mga indibidwal at nakapag-iisang tula na bumubuo ng isa lámang mas malaking tula. Ang ganitong paraan ng komposisyon, na kadalasa’y tematiko, ang lagi kong tinatangkang isakatuparan sa aking pagtula. Kayâ naman, nang magsimula akong magbura at hanggang ngayon, isang buong aklat ang iniisip ko at hindi lámang isang tula. Isang buong sunuran na maaaring basáhin o ituring na may isang kabuuan. Ito rin ang dahilan kung bakit tuwing maglalakip ako ng “talá sa proseso” o paliwanag kung paano ko binura ang pinanggalingang teksto para mabuo ang resultang teksto, lagi kong ginagamit ang salitang “batay” sa halip na direktang salitang “pagbubura” para imungkahi ang katangiang pa-halaw (*excerpt*) ng pagbubura, at kung isusulong pa, pagbibigay-pugay o pagkilála sa orihinal, bagama’t *latent* din sa bagong akda ang kritika sa lumang akda. Sa ganitong proyekto, sa palagay ko, nakasalig ang mas malaking hámon sa pagbubura. Madali ang magbura ng isang páhiná para bumuo ng isang indibidwal na teksto. Ngunit iba ang hámon pag isang buong libro ang buburahin at bubuin tungo sa isang kabuuang maaaring tematiko at nagagabayan ng iisang estilo, hangaring makipagdiyalogo sa orihinal, pakritika o pagpupugay man, at iba pang konsiderasyong estetiko kaugnay ng panuntunang itatakda at estriktong susundin sa kabila ng mga limitasyon ng materyales. Muli, narito ang sinasabi ni Lauterbach na pagsasalikop ng paksa at anyo tungo sa pagpapalabas ng nilalaman. Ang pagtugon at pagtatagumpay sa hamong ito ang magpapaiba sa nabuong aklat sa iba pang aklat, hindi lámang sa mga aklat ng pagbubura. Kung maganda at makapangyarihan ang aklat, mabubura rin ang mapangmaliit na pagkakategorya rito bílang aklat ng pagbubura lámang at tinitingnan ng mga purista bílang segunda-klaseng akda. Kakambal ng pagbubuo ng de-kalidad na akda sa pamamagitan ng pagbura ang kaseryosohan ng ganitong gawain tulad ng sa anumang sining. Hindi maaari ang basta-basta pagbubura. Pinahihintulutan ka lámang magbura, pero hindi ka pinahihintulutang maging burara o walang ingat. Sabi nga ni Johnson: “...you don’t tamper

with Milton to be funny; you have to be serious.” At idaragdag ko na totoo ang sinabing ito ni Johnson, mapa-Milton o Shakespeare o Rizal o mapaartikulo man sa d’yaryo ang binubura—hanggang pinipili sa simula pa lang ang materyales. Krusyal, kung gayon, hindi lang ang ang paraan at pagpapasya kung alin ang buburahing salita, kundi maging ang pagpili ng materyales, lalo pa’t isasaalang-alang ang layuning makabuo ng isang sunuran sa kabuuan.

Halaga ng Materyales

Sa panghuling salita sa aklat na *Tree of Codes* ni Jonathan Safran Foer, pagbubura ng *The Street of Crocodiles* ni Bruno Schulz, ganito ang naging pahayag ng Amerikanong nobelista hinggil sa halaga ng pagpili ng kaniyang materyales:

“For years I had wanted to create a die-cut book by erasure... I thought of trying the technique with the dictionary, the encyclopedia, the phonebook, various works of fiction and non-fiction, and with my novels. But any of those options would have merely spoken to the process. The book would have been an exercise. I was in search of a text whose erasure would somehow be a continuation of its creation.

“The Street of Crocodiles is often my answer to the impossible-to-answer question: What is your favorite book? And yet, it took me a year to recognize it as the text I’d been looking for. Why? Because I loved the book too much to conceive of changing it, much less erasing it...” (138)

Paghahanap ng teksto na pag binura, ang malalabi sa binura ay tila pagpapatuloy ng pagkakalikha ng nasabing teksto. Sa ibang salita, pagbubura bílang pagbubuo. Isang pagpapatuloy dahil, bukod sa mga nalabí, hindi naman talaga nabura lahat nang nabura kundi nananatili ang tinatawag ni Ron Silliman na “*lingering presence*.” Gaya ni Foer, gusto ko rin ang *The Street of Crocodiles* ni Schulz. Kayâ nang malaman ko na ang *Tree of Codes* ay pagbubura nito, naging malaki ang interes ko sa nasabing aklat. At

sapul nang mabása ko ang *Codes*, ilang beses ko na ring binalikang basáhin ang *Crocodiles*, habang ilang beses ko na ring binása ang *Codes*. May pagkakataong sabay kong binabása ang dalawang aklat (bagama't mahirap basáhin sa pisikal ang *Codes* dahil die-cut book nga ito), tinitingnan ko ang mga binura ni Foer kay Schulz, parang nakikinig sa nangyayaring diyalogo ng dalawa at kung paano nga kayâ nangyayari ang tinatawag ni Foer na “*continuation of creation*.” Anupa't kay dali kong minahal ang akda ni Foer at higit ko ring napahalagahan pa ang akda ni Schulz. Mula noon, pinangarap ko rin ang makabuo ng aklat gaya ng aklat ni Foer, bagama't nakapagbuo na ako ng dalawang aklat at isang chapbook ng erasure. Nagsimula akong maghanap ng aking materyales. Marami akong sinubukang teksto, gaya ni Foer, ngunit hindi rin agad nagtagumpay. Tatagal din ng higit pa nga sa isang taon, halos dalawa, bago ko matutukoy ang *Personal* ni Rene O. Villanueva bílang aking materyales. Bakit? Dahil gaya rin ni Foer, sobrang gusto ko ang libro ni Villanueva, kayâ hindi ko malubos maisip na baguhin ito, lalo na, burahin. Pero isang araw na muli kong binása ang librong ito, at matapos kong isara nang muli, may halong lugod at lungkot na naramdaman, saglit pa akong napatitig sa pabalat—at muli, sa pamagat: *Personal*. Sa puntong ito, tila lumutang ang mga letrang “p,” “e,” “s,” “o,” “a”—kagyat akong itinuturo sa isa pang hinahangaang manunulat, ang Portuges na si Fernando Pessoa, sampu ng kaniyang mga *heteronym*—at “pinitas ko ang mga lumutang na titik,” gaya ng sabi ni Mary Ruefle, “tulad ng mga bulaklak.” Nang mabuo ang salitang “pesoa” sa pagbura ng iba pang titik sa “personal,” alam ko na kung paano buburahin ang buong aklat. Pakiramdam ko, ako si Pessoa na binubura ang sarili para bumuo. Aniya: “*In order to create, I destroyed myself*” (299). Pakiramdam ko ri’y si Villanueva na binubuo ang sarili at konsepto ng personal o pribado sa konstruksiyon ng alaala ng madla o publiko: mga karaniwang tao at walang pangalan, o ang pangalan ng isa ay pangalan

ng karamihan, tulad ng mga istambay, mga belyas, mga nangungupahan sa mga entresuwelo, at iba pa. Sa isang natatanging pagkakataon para sa akin, nagsasalikop ang paksa, ang anyo, ang limitasyon ng materyales, at ang aking mga pagpapasya kaugnay ng materyales. Hindi ko lámang natagpuan ang aking materyales, nahanap ko rin ang anyo ng tula.

Pag-akda Bílang Tugon

Ang *Pesoa* ay tugon kay Villanueva, sa kaniyang librong *Personal* at tugon din kay Pessoa, sa kaniyang librong *The Book of Disquiet*, at sa kaniyang mga *heteronym*, mga inimbentong pangalan at katauhang may sari-sariling biyograpiya. Isang kumbersasyon, isang pagpapatuloy ng mga usapin at usapang pawang mahalaga kapwa kina Villanueva at Pessoa, magkaiba at magkalayo man sila ng panahon at lugar. Ang malaking interes nila sa identidad, sa patuloy na pagbubuo at pagwawala o pagwawasak nito, na isa rin sa mga interes ko, ay tumatawid sa mga hangganang itinatakdang ng sarili at daigdig. Pinagbubuklod din sila ng gawi ng paglalakad at pagmamasid sa paligid, kapwa may espiritung *flâneur*. “Gustong-gusto kong mag-imagine habang naglalakad,” sabi ni Villanueva. “*Walking on these streets*,” sabi naman ni Pessoa, “*my life feels to me like the life they have*” (82). Hinubog sila sa pangunahin ng lungkot, ligaya, ligalig, at lunggati ng lungsod. La Loma kay Villanueva, Lisbon kay Pessoa. Ilang kontinente at ilang dekada ang kanilang pagitan. Gayunman, maaaring nagkasalubong na sila sa isa’t maraming pagkakataon bagama’t maaaring hindi pinansin ang isa’t isa dahil kapwa estranghero’t parehong preokupado ng samot-saring bagay ang sari-sariling pag-iisip. Gusto kong isipin na sa pamamagitan ng librong *Pesoa*, nakakatagpo at nakakasalubong ko rin sila, muli’t muli, at pinagpupugayan. Yumuyukod ako at sinisikap sumunod sa mga bakas nila sa mga páhiná na bagama’t maaaring mabura ay nagpapatuloy lámang sa paghakbang.

SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S. *Sansiglong Mahigit ng Makababagong Tula sa Filipinas: Mga Piling Tula sa B i k o l , Binisaya, Espanyol, Iloko, Ingles, Filipino at Kapampangan mula 1900 hanggang Kasalukuyan*. Pasig City: Anvil, 2006. Print.
- . *Balagtasismo Versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1984. Print.
- Ashton, Jennifer. *From Modernism to Postmodernism: American Poetry and Theory in the Twentieth Century*. UK: Cambridge University Press, 2005. Print.
- Baquiran Jr., Romulo P. *Hiwatig: Pagsipat sa mga Tekstong Poetiko at Popular*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, Inc., 2014. Print.
- Dworkin, Craig at Kenneth Goldsmith, mga ed. *Against Expression: An Anthology of Conceptual Writing*. Illinois: Northwestern University Press, 2011. Print.
- Foer, Jonathan Safran. *Tree of Codes*. USA: Visual Editions, 2010. Print.
- Lauterbach, Ann. *The Night Sky: Writings on the Poetics of Experience*. USA: Penguin Books, 2008. Print.
- Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. Quezon City: UP Press, 2000. Print.
- Perloff, Marjorie. *Unoriginal Genius: Poetry by Other Means in the New Century*. Chicago: University of Chicago Press, 2010. Print.
- . *21st -Century Modernism: The “New” Poetics*. Oxford: Wiley-Blackwell, 2002. Print.
- Pessoa, Fernando. *The Book of Disquiet*. USA: Penguin Classics, 2002. Print.
- Place, Vanessa at Robert Fitterman. *Notes on Conceptualisms*. USA: Ugly Duckling Presse, 2009. Print.
- Popa, Allan, at Cirilo F. Bautista, mga ed. *Latay sa Isipan: Mga Bagong Tulang Filipino*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, Inc., 2007. Print.
- Reddy, Srikanth. *Voyager*. USA: University of California Press, 2011. Print.
- Reed, Brian M. “In Other Words: Postmillennial Poetry and Redirected Language.” *Contemporary Literature Volume 52, Number 4*, Winter 2011. Print.
- San Juan Jr., E. *Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan: Mga Panunuri sa Panitikang Filipino*. Manila: De La Salle University Publishing House, Inc., 2015. Print.
- Smith, Robert Rowland. *On Modern Poetry: From Theory to Total Criticism*. London: Bloomsbury Publishing, 2012. Print.
- Tolentino, Rolando. *Sipat Kultura*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2010. Print.
- Villanueva, Rene O. *Personal: Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita*. Manila: Anvil Publishing House, Inc., 1999. Print.